

CORONAVIRUS DISEASE (COVID-19)

TAGALOG / TAGALOG



Oktubre 15, 2020

Mga Minamahal na Faith Leader ng Komunidad,

Salamat sa inyong mga patuloy na pagsusumikap sa pagtulong sa Canada na mabawasan ang pagkalat ng COVID-19 sa ating mga komunidad. Mahalaga sa ating mga komunidad ang inyong gawain, at gusto kong ipabatid ang aking taos-pusong pasasalamat para sa pagsusulong ninyo ng mga hakbang para sa kalusugan ng publiko sa inyong mga miyembro sa panahong ito.

Ngayon, kapag dumarami ang kaso ng COVID-19 sa Canada, isang alalahanin ang pagtaas ng bilang ng kaso sa ilang rehiyon. May mahalagang tungkulin ang mga faith leader sa paggabay sa kanilang mga komunidad sa panahong ito. Habang hinihimok ko ang lahat ng Canadian na iakma ang kanilang mga lugar at aktibidad upang malimitahan ang pagkalat ng COVID-19 sa mga darating na buwan, gusto kong makipag-ugnayan sa inyo upang hingin ang inyong tulong.

Nakikipag-ugnayan ako sa inyo ngayon dahil may ilang iniulat na outbreak na nauugnay sa mga pagtitipon gaya ng mga kasal, lamay, at iba pang panrelihiyon at pangkomunidad na pagtitipon. Bukod pa rito, maaaring tumaas ang panganib ng pagkalat pa ng virus dahil sa panahon, mga taunang holiday, at iba pang aktibidad na nagpapapasok ng mga tao sa loob ng kanilang mga bahay sa panahong ito ng taon.

Gusto kong ipaalala sa inyo ang tungkol sa [tool sa pagbabawas ng panganib para sa mga pagtitipon at event](#) ng Public Health Agency of Canada, na ibinahagi ko noong Hulyo upang tulungan ang mga indibidwal, pangkat, at organisasyon sa pagsasaalang-alang ng mga panganib na may kaugnayan sa pagpapalano, pagsasaayos at pag-host ng mga pagtitipon o event sa panahon ng pandemyang dulot ng COVID-19. Nagbibigay rin ang tool ng mga halimbawa ng mga hakbang na maaaring makabawas sa mga posibleng panganib ng pagkalat ng COVID-19. Idaragdag ko ring bagama't nagtakda ang mga panlalawigan, panteritoryo at lokal na awtoridad ng kalusugan ng publiko ng mga maximum na allowance para sa bilang ng mga tao sa mga pagtitipon, dapat ninyong isaalang-alang ang pagtatakda ng mas mabababang allowance depende sa antas ng pagkalat sa inyong komunidad, sa uri ng pagtitipon at sa partikular na lugar.

Maaari ding magdulot ng pagkalungkot, stress, pagkalito at pag-aalala ang mas malamig na panahon at higit na oras na iginugugol sa loob ng bahay. Patuloy na magiging mahalaga kayo at ang inyong mga organisasyon sa pagbibigay ng suporta sa kalusugan ng isip na kinakailangan ng inyong mga komunidad. Ang website na Canada.ca/coronavirus ay mayroon ding iba't ibang agarang resource at suporta para sa kalusugan ng isip para sa mga Canadian, kabilang ang [Wellness Together Canada portal](#).

Salamat muli sa inyong mga pagsusumikap sa pagtulong sa Canada na mabawasan ang pagkalat ng COVID-19 sa ating mga komunidad. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagtugon ng Canada sa COVID-19, kabilang ang mga resource ng kaalaman at dokumento ng patnubay, pakibisita ang Canada.ca/coronavirus.

Bumabati,

Dr. Theresa Tam, Chief Public Health Officer ng Canada



Agence de la santé
publique du Canada

Public Health
Agency of Canada

Canada